勞工處就業中心
LABOUR DEPARTMENT JOB CENTRE

Mga Telepono ng mga Job Centres para sa mga Katanungan at mga Recruitment Centres

Hong Kong East Job Centre	2591 1318
Hong Kong West Job Centre	2552 0131
North Point Job Centre	2114 6868
Kowloon East Job Centre	2338 9787
Kowloon West Job Centre	2150 6397
Kwun Tong Job Centre	2342 0486
Shatin Job Centre	2158 5553
Tai Po Job Centre	2654 1429
Sheung Shui Job Centre	3692 4532
Tsuen Wan Job Centre	2417 6197
Tuen Mun Job Centre	2463 9967
Tung Chung Job Centre	3428 2943
Yuen Long Job Centre	3692 5750
Recruitment Centre for the Catering Industry	2594 7800
Recruitment Centre for the Retail Industry	2594 7833
Construction Industry Recruitment Centre	3428 3303

Hotline o Telepono para sa Trabaho:

2969 0888

Interactive na website ng Serbisyo sa Trabaho:

https://www.jobs.gov.hk

12/2019

勞工處
Labour Department
(Tagalog Version)

Gabay para sa mga Serbisyong Kaugnay ng Hanapbuhay sa mga Dayuhang Etnikong Minoridad na Naghahanap ng Trabaho



Nagbibigay ang Kagawaran ng Paggawa (Labour Department o LD) ng mga komprehensibo at libreng serbisyo kaugnay ng hanapbuhay upang matulungan ang mga naghahanap ng trabaho. Isinasagawa ang aming mga serbisyo sa wikang Intsik at Ingles. Kung hindi kayo gumagamit ng alinman sa mga wikang ito, makakapagsaayos kami ng mga libreng translation service para sa inyo.

Kung naghahanap kayo ng trabaho, bigyang pansin ang Gabay (Guide) na ito upang malaman ang mga serbisyong kaugnay ng hanapbuhay na pinakaaangkop para sa inyong mga pangangailangan.

Mga Sentro ng Trabaho

Nagpapatakbo kami ng isang network ng 13 mga Sentro ng Trabaho sa Hong Kong. Ikinalulugod namin na kayo ay makabisita sa alinman sa mga sentrong ito at gamitin ang mga sumusunod na pasilidad upang makahanap ng mga trabaho:

- Mga kompyuter na may software na para sa paggawa ng inyong resume
- Mga fax machine at kompyuter na may koneksyon sa Internet upang makapag-fax kayo at makapag-email ng inyong resume at application form sa mga nag hahanap ng employer
- Mga terminal na touch-screen na konektado sa napakalaking database ng LD kung saan makakapaghanap kayo ng impormasyon na mga angkop sa bakanteng trabaho
- Mga kagamitan upang maisagawa ang panayam sa trabaho online kasama ang naghahanap ng employer

Mga Serbisyong Kaugnay ng Hanapbuhay para sa mga Dayuhang Etnikong Minoridad na Naghahanap ng Trabaho

- ***Special Counter at Resource Corner para sa mga Dayuhang Etnikong Minoridad na Naghahanap ng Trabaho***

Makakakuha kayo ng serbisyong kaugnay ng registration, tulong sa paggamit ng mga serbisyo ng LD kaugnay ng hanapbuhay at mga pasilidad sa paghahanap ng trabaho, serbisyo sa pagsangguni sa trabaho at impormasyon tungkol sa pagsasanay at mga kurso sa muling pagsasanay sa special counter. May mga mapapakinabangang materyales na may impormasyon tungkol sa hanapbuhay o sariling pagkatuto tulad ng mga angkop na mga aklat, mga diksyonaryo sa iba't-ibang wika, mga dyaryo at magasin kung saan may mga tips ukol sa paghahanap ng trabaho, at mga polyetos na may kaugnayan sa pagsasanay at mga kurso para sa muling pagsasanay ay makukuha din sa resource corner.

- ***Isinapersonal na Gabay Kaugnay ng Hanapbuhay at Serbisyong may Kaugnayan sa Masusing Pagsubaybay***

Maaari kayong makipagkita sa isang Labor Officer upang talakayin ang inyong mga pangangailangan sa trabaho, upang mapahusay ang mga pamamaraan sa paghahanap ng trabaho, upang makakuha ng impormasyon tungkol sa labor market at impormasyon tungkol sa mga kursong pagsasanay/muling pagsasanay, at/o upang sumailalim sa isang pagsasanay sa kakayahan sa trabaho o career aptitude assessment kung naaangkop. Ang mga serbisyong may kaugnayan sa masusing pagsubaybay ay ibibigay rin sa mga rehistradong dayuhang etnikong minoridad na naghahanap ng trabaho.

- ***Maigsing Pulong ukol sa Hanapbuhay***

Makakatulong ito sa inyo na lalo pang maintindihan ang tungkol sa kasalukuyang sitwasyon sa labor market at matutong mabuti sa mga pamamaraan para sa mga panayam.

- ***Job Fair***

Nag-oorganisa ng job fair sa loob ng isang taon sa mga Job Centres. Ang mga kasaling employer ay magsasagawa ng panayam sa mismong lugar sa mga naghahanap ng trabaho. Ang mga kasali job fair kung saan may mga bakanteng trabaho na naaangkop sa mga dayuhang etnikong minoridad na ay isasaayos at mayroong libreng interpreter sa mismong lugar.

Mga Programa para sa Hanapbuhay

Ang mga kwalipikadong naghahanap ng trabaho ay maaring sumali sa alinman sa sumusunod na programa para sa hanapbuhay:

- ***Sistema para sa Pagsubok sa Trabaho***

Ang Sistema o Scheme na ito ay nagsasaayos ng pagsubok sa trabaho para sa mga kalahok o kasali sa mga trabahong binibigay ng mga kasaling organisasyon sa loob ng isang buwan (30 na araw). Ang mga kasaling organisasyon ay hinihikayat na mag-alok ng hanapbuhay sa mga kasaling naghahanap ng trabaho na nakakumpleto ng mga pagsubok sa trabaho at makapasa nito.

- ***Programa para sa Hanapbuhay ng mga Matatanda at mga nasa Katamtaman o gitnang gulang***

Ang mga amo na humihikayat sa mga walang hanapbuhay na matatanda at mga nasa katamtamang-gulang na may edad 40 pataas na naghahanap ng trabaho ay magtatalaga ng isang magtuturo o mentor at magbibigay ng pagsasanay sa trabaho. Ito ay upang mapadali at masanay ang mga kalahok sa bagong work environment at makakuha ng sapat na kakayahan sa trabaho na may hangaring magkaroon ng isang matatag na trabaho. Hindi na kinakailangan ang paunang registration sa ilalim ng Programa.

Sentro ng Recruitment para sa Catering Industry, Sentro ng Recruitment para Retail Industry at Sentro ng Recuitment para sa Construction Industry

Ang mga job fairs ay inoorganisa buong taon sa mga Sentro sa Job Recruitment. Kung kayo ay interesado na magtrabaho sa mga industriya ng catering, retail o konstruksyon, maliban sa mga kaugnay na mga Sentro ng Job Recruitment, maaari niyo ding tingnan ang mga pinakabagong impormasyon tungkol sa job fair sa mga Sentro ng Pangangalap ng Trabaho, sa website ng LD's Interactive Employment Service (iES) o sa aplikasyon sa cellphone nito. Pagkatapos ay maaari niyong tawagan ang mga Sentro ng Job Recruitment upang makapagpareserba ng appointment para sa mga agarang panayam sa mga naghahanap ng employer.

E-Platform para sa Impormasyon tungkol sa Hanapbuhay ng May Mataas na Edukasyon

Ang mga naghahanap ng trabaho na may mas mataas na edukasyon ay makakakuha ng pinakabagong lokal na impormasyon sa labor market at tingnan ang angkop na bakanteng trabaho sa pamamagitan ng website ng E-Platform para sa Impormasyon ukol sa Pagka-empleyo ng May Mataas na Edukasyon (https://www.hee.gov.hk).

Serbisyong Telepono sa Pagka-empleyo

Kung kayo ay nakapagparehistro na sa aming mga serbisyo na may kaugnayan sa trabaho sa mga Sentro ng Trabaho (Job Centres) o sa website ng iES, sa halip na bumisita sa aming mga centres, kayo ay maaring kumuha ng serbisyo sa pagsangguni sa trabaho o job referral service sa pamamagitan ng pagtawag sa Telephone Employment Service Hotline sa 2969 0888. Kung kinakailangan, kami ay makapagsasaayos din ng libreng translation service sa telepono.

Interactive na Website at mga mobile na aplikasyon para sa mga Serbisyo sa Hanapbuhay

Maaari kayong bumisita sa webpage na para sa mga dayuhang etnikong minoridad na naghahanap ng trabaho sa iES na website (https://www.jobs.gov.hk/EM) upang alamin ang mga pinakabagong bakanteng trabaho, para magparehistro sa aming mga serbisyo sa hanapbuhay, para makapag-apply sa serbisyong pagpapayo sa trabaho at upang malaman ang mga pinakanapapanahong balita ukol sa mga aktibidad ng LD na may kaugnayan sa job recruitment. Maaari niyo ding idownload at gamitin ang iES na aplikasyon ng cellphone upang maghanap ng mga naaangkop na bakanteng trabaho gamit ang inyong mga smartphone o mga mobile device anumang oras at kahit saan.